

H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



LIKAS NA YAMAN: GAMITIN AT PANGALAGAAN



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



GRADE VI

LIKAS NA YAMAN: GAMITIN AT PANGALAGAAN



ALAMIN MO


Magandang umaga sa iyo. Naiiba naman ang gagawin mo sa araw na ito.
Hulaan mo kung ano ito?

Anong salita ang nag-uugnay sa mga salitang nasa bilang I-II?

Subukin mong sagutin ang mga tanong sa palaisipang ito.

Isulat mo ang titik ng angkop na salita sa loob ng bawat kahon.

Handa ka na ba?





1. Hindi gaanong mainit o di-gaanong malamig ang nararamdaman sa Pilipinas. Ano ito?
2. Ginagamit ito ng magsasaka upang maging malusog at mabilis ang paglaki ng tanim. Ano ito?
3. Nagbibigay ng tabla, lilim, gamot, pugad ng ibon atbpa. Ano ito?
4. Kung mauubos ang mga punongkahoy, madaling magkakaroon ng _____. Ano ito?
5. Ang Gitnang Kapatagan ng Luzon at ilang kapatagan sa Cotabato ang may pinakamalawak na taniman ng _____. Ano ito?
6. Malaki ang naitutulong nito sa paglaki ng pananim. Ano ito?
7. Pagnagtanim ka nito sa inyong bahay problema sa pagkain ay malulunasan. Ano ito?
8. Ang Pilipinas ay napapaligiran ng _____. Ano ito?
9. Ang sikat nito ay kailangan upang sumigla ang iyong katawan. Ano ito?
10. Yamang di-napapalitan kaya kailangang gamitin ito ng mahusay. Ano ito?
11. Ang lugar na ito ay patag, malawak at mataba ang lupa para pagtamnan.



PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, gawin mo muna ang mga sumusunod upang makita mo kung ano ang alam mo sa paksang tatalakayin dito.

- A. Tingnan ang mapa ng Pilipinas. Ilagay ang likas na yaman kung saan matatagpuan ito:





CAR

REHIYON 2

NCR

REHIYON 1

REHIYON 3

REHIYON 4

REHIYON 6

REHIYON 7

ARMM

REHIYON 9

REHIYON 12

REHIYON 10

REHIYON 11

PATRIDA

- Buko
- Kamatis
- Mangga
- Tubo
- Langka
- Mani
- Saging
- Palay
- Kamote
- Patatas
- Pinya
- Durian
- Sibuyas
- Mais
- Tabako
- Lemon
- Kape
- Tanso
- Ginto
- Nikel
- Kromite
- Langis
- Isda

CAR

NCR

CARAGA

REHIYON 5

REHIYON 8

CARAGA

1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10, 11, 12



B. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa mga tanong:

1. Saang lugar sa Pilipinas matatagpuan ang rhinodan typus, ang pinakamalaking isda?
a. Navotas, Malabon c. Lake Buhi, Camarines Sur
b. Pandan, Antique d. Bacoor, Cavite
2. Saan matatagpuan ang pinakamalaking deposito ng chromite?
a. Mindoro c. Iloilo
b. Surigao del Norte d. Pampanga
3. Saan matatagpuan ang pinakamalaking kagubatan sa Pilipinas?
a. Laguna c. Palawan
b. Bicol d. Abra
4. Saan natuklasan ang minahan ng langis sa Pilipinas?
a. Reeds Bank c. Cebu
b. Cotabato d. Sorsogon
5. Saan matatagpuan ang maraming gulay?
a. Romblon c. Camarines Norte
b. Benguet d. Bacoor, Cavite

C. Ilagay ang likas na yaman ayon sa uri nito.

langis
hayop
punong-kahoy
tanso

isda
lupa
ginto
gulay

halaman
bakal
chromite
ibon






Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling. Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaaalaman. Kung may mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan mo ang modyul upang maintindihan ang paksa rito.



PAG-ARALAN MO

Suriin ang isinasaad ng larawan.



Basahin mo.

Ang Pilipinas ay maraming likas na yaman. Ang mayamang kagubatan, pangisdaan at minahan sa ating kapaligiran ay nakatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng ating bansa. Ang paglilinig at wastong pangangalaga ng mga likas na yaman ang makatutugon sa materyal na pangangailangan ng tao.


Nangunguna ang pamahalaan sa paglinang ng ating mga likas na yaman. May mga ahensiya ng pamahalaan na nagsasagawa ng mga programa upang linangin ang mga pinagkukunang-yaman tulad ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR). Ang mga magsasaka ay tinuturuan ng makabagong pamamaraan sa pagsasaka. Pinalalawak din nito ang industriya ng pangangisda at paghahayupan.



Ang pangangalaga at pangangasiwa ng mga likas na yaman ay tungkulin hindi lamang ng pamahalaan kundi pati na rin ang mamamayan. Kapag napabayaan at naubos ang mga ito, wala nang maipanunustos sa mga pangangailangan ng bansa hanggang sa susunod na henerasyon.

Sagutin mo ang mga sumusunod:

1. Paano nililinig at pinangangalagaan ang mga likas na yaman?
 2. Bakit dapat na linangin, pangalagaan at gamitin nang wasto ang mga likas na yaman?
 3. Sinu-sino ang may tungkuling pangalagaan ang likas na yaman?
- Nasagutan mo ba ang mga tanong? Magaling?
 - Alamin mo naman ngayon kung paano natin dapat gamitin ang mga likas na yaman.



Basahin mo ang lathalain tungkol sa yamang kagubatan.



Nasisira ang kagubatan dahil sa labag sa batas na pagtotroso, pagkasunog gawa ng kaingero at gawa na rin ng kalikasan tulad ng bagyo, lindol, kidlat, malakas na hangin at iba pang pangyayari.

Upang maiwasan ang tuluyang pagkasira ng kagubatan, inilunsad ng DENR ang Pambansang Programa sa Paggugubat (*National Forestation Program*), (NFP) na naglalayon ng pagpapanatili ng yamang gubat. Naglunsad din ng programa para sa muling pagtanim ang Kawanihan ng Pagpapaunlad ng Kagubatan (*Bureau of Forest Development*) (BFD).


Pinangangalagaan ang ilang hayop at halaman at isinaayos ang magagandang gubat at ginagawang parke na maaring liwaliwan at kanlungan ng hayop at ibon.

May mga batas tungkol sa pangangalaga ng kagubatan ang ipinatutupad ng pamahalaan

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Anu-ano ang mga dahilan ng pagkasira ng kagubatan?
2. Anu-anong mga ahensiya ng pamahalaan ang nangangalaga ng ating kagubatan?
3. Paano natin dapat gamitin ang mga yamang kagubatan?

Pag-aralan mo naman ngayon kung paano natin dapat na gamitin ang Yamang Tubig at pangisdaan.





Basahin mo.

Ang Pilipino ay may mayaman at malawak na pangisdaan. Maaring maubos ang yamang ito dahil sa maling paraan ng pangingsda. Upang maiwasan ang suliranin, nagpalabas ng mga batas at kautusan ang pamahalaan sa pamamagitan ng DENR. Isa sa batas ay ang Atas ng Pangulo Bilang 1085. Ipinagbabawal nito ang paggamit ng mga dinamita, lason at sasakyang de motor sa pangingsda. May kaukulang parusa sa sinumang lumabag sa batas na ito.

Sagutin mo ito.

1. Anu-ano ang ipinagbabawal ng Atas ng Pangulo Bilang 1085?
2. Bakit kailangan sundin ang batas sa pangingsda?

Suriin mo naman ngayon kung bakit dapat gamitin nang matalino ang yamang likas tulad ng yamang mineral.





Basahin mo.

May masamang idinudulot sa kapaligiran ang hindi maayos na pangangasiwa sa mga gawaing kaugnay ng pagmimina. Halimbawa, kadalasang itinatapon ng mga minero ang kanilang nakuhang dumi at bato mula sa mga minahan sa mga ilog at daluyan ng tubig. Kung hindi itinambak naman ito kahit saan hanggang sa magkapatung-patong. Ang ganitong gawain ay nagdudulot ng pagguho ng lupa.

Upang maiwasan ang ganitong mga pangyayari nagpalabas ng mga batas at kautusang magbibigay-pansin sa kapaligiran habang nililintang ang mga yamang mineral ng bansa. Kaya noong Enero 1978 ipinahayag ang Atas ng Pangulo Bilang 1281 na nagtatatag sa Kagawaran ng Pagmimina (Bureau of Mines and Geo-Science).

Sagutin mo ang mga sumusunod:

1. Anu-ano ang mga idinudulot ng hind maayos na pagmimina?
2. Paano nilintang ang mga yamang mineral ng bansa?

Matutunan mo naman ngayon ang ilang paraan sa pagpapayaman ng lupa.

Basahin mo.

Ang Kawanihan ng Lupa ang nangangasiwa sa pangangalaga sa mga lupang pansakahan. Nagsasagawa ito ng mga pananaliksik upang higit na mapakinabangan ang lupang taniman. Natuturo ito ng makabagong paraan ng pagpapanatili ng katabaan ng iba't-ibang uri ng lupa.

Naririto ang ilan sa mga pamamaraan sa pagpapayaman ng lupa:

Paggamit ng mga Pataba

Ginagamitan ng pataba ang mga nabubulok na tanim, dumi ng hayop at mga kemikal tulad ng potash at nitrate.





Pagtatanim sa Pagitan

Nagtatanim ng ibang halaman sa pagitan ng mga hanay ng mga puno o tanim upang hindi masayang ang lupa at upang mapangalagaan ang lupang pang-ibabaw. Karaniwang tanawin sa Cavite lalo na sa Silang ang pagtatanim ng pinya sa pagitan ng niyog at papaya.

Bai-baitang na Pagtatanim

Tinataniman ang mga gilid ng burol o bundok upang mapigil ang daloy ng tubig at pag-agos ng lupa. Ang magandang halimbawa nito ay ang taniman sa Banawe.


Sagutin mo ang mga sumusunod:

1. Paano pinangangasiwaan ng Kawanihan ng Lupa ang mga lupang pansakahan?
2. Anu-ano ang mga paraan sa pagpapayaman ng lupa?

Pagkatapos mong matutunan ang paglinang at paggamit ng mga likas na yaman, masasabi mo kaya kung matalino o di-matalinong paraan ito?



Isulat mo sa grapikong presentasyon ang iyong mga kasagutan na nasa ibaba.





PAGSANAYAN MO

A. Hanapin sa Hanay B ang karugtong o may kaugnayan sa mga pariralang nasa Hanay A. Isulat ang titik ng wastong sagot sa kuwadernong sagutan.

Hanay A

1. nakakalbo ang mga bundok
2. makakapal na kagubatan
3. pagyamanin at pangalagaan
4. ang maka-agham na pamamaraan
5. ibayong pagtulong

Hanay B

- a. ang nararapat gamitin sa pagtatanim upang makapag-ani nang masagana.
- b. ay dapat pangasiwaan nang mabuti
- c. ng pamahalaan ay kinakailangan ng mga magsasakang mahihirap
- d. ang mga likas na yaman upang maging sagana ang bayan
- e. kaya kailangang magtanim na muli ng mga punog-kahoy

B. Lagyan ng tsek (✓) ang pangungusap na nagsasaad ng tamang paggamit ng likas na yaman at ekis (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.

1. Maaring magtanim ng puno sa mga bakanteng lugar.
2. Ang tao ay malayang makapuputol ng mga kahoy sa gubat.
3. Ang pagtatapon ng basura sa ilog at dagat ay ipinagbabawal.
4. Makapanghuhuli ka ng isda sa panahon ng “open season”.
5. Pagtatanim ng punal bilang kahalili ng punong pinutol.



TANDAAN MO

Ang paglinang at paggamit ng mga likas na yaman ay ginagawa sa matalinong paraan.





ISAPUSO MO

Magsaliksik, magmasid at mag-uri sa iyong kapaligiran. Gamitin ang tsart sa ibaba.

Gawain A. Paksang Sasaliksikin Likas na Yaman sa Kapaligiran		
Uri ng Likas na Yaman	Paraan Paggamit	Epekto sa Tao

Gawain B. Pag-aralan ang iyong natuklasan sa gawain A.

Buuin ang mga sumusunod:

1. Natuklasan ko _____

_____.

2. Nais ko _____

_____.

Gawain C. Ano ang gagawin mo sa mga isinulat mo sa gawain A. Suriin at lagdaan:

- Ipagpatuloy ko ang _____

_____.
- Babasahin ko ang _____

_____.

Lagda



GAWIN MO

A. Lagyan mo ng puso (♥) ang nagpapakita ng matalinong paggamit sa likas na yaman at ekis (X) ang hindi.

1. Pinuputol ni Mang Boyong ang lahat ng mga puno pati na bago pa lamang lumalaki.

2. Iniiwasan ni Arlene ang pagtatapon ng basura sa ilog.

3. Gumagamit si Mang Joaquin ng dinamita sa pangingisda.

4. Si Mang Rudy ay isang minero. Tinatapon niya ang nakuhang dumi at bato mula minahan sa mga ilog at daluyan ng tubig.

5. Si Bb. Arevalo ay nagsasagawa ng mga pananaliksik tungkol sa makabago at pinabuting uri ng isda, butil at pananim.

C. Alay Tanim sa Paaralang Padre Gomez.

Tulongan mo ang mga mag-aaral ni Ginang Zuñiga sa kanilang gagawing pagtanim. Isulat mo sa paso ang titik ng mga dapat nilang gawin.





- a. Gagamit ng pataba si Macaria at pagyayamanin ang itinanim na halaman.
- b. Sa pagitan ng itinanim na sili ay magtatanim naman si Edwin ng mani upang hindi maubos ang sustansiya ng matabang lupa.
- c. Bubuhusan ng langis ni Bart ang tanimang madaling tumubo ito.
- d. Mananaliksik naman si Florentino tungkol sa makabago at pinabuting uri ng punla, butil at pananim.
- e. Bubudburan ni Rosita ang ibabaw ng lupa ng mga dayami o mga dahong tuyo at hayaan itong mabulok.
- f. Magbubungkal ng lupa si Wilson ngunit di-niya tatamnan ito upang makahinga ang lupa at manumbalik ang kalusugan nito.



PAGTATAYA

A. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Kinakailangan ang pagtutulungan ng mga tao sa pamayanan upang mapangalagaan ang yamang lupa. Ano ang isa sa mga paraan na maaaring gawin?
 - a. gumamit ng mabilis ngunit maling paraan ng pagtatanim
 - b. iwanang nakatiwangwang ang lupa
 - c. umasa sa tulong ng kalikasan
 - d. gumamit ng mga pataba at patubig
2. Alin ang hindi makatutulong sa pangangalaga sa yamang mineral?
 - a. pangangasiwa sa maayos na pagtatapon ng mga basura
 - b. pagsasagawa nang maayos na pagtatambak ng hinukay na lupa
 - c. paglinang sa mga minahan ng sinuman kahit walang pahintulot
 - d. pananaliksik sa pinakabagong paraan ng pagtuklas ng mineral
3. Alin sa mga sumusunod ang hindi dapat mapabilang sa pangkat?
 - a. gumagamit ng dinamita sa pangingisda
 - b. itinatapon ang mga kalat sa ilog
 - c. gumagamit ng pataba sa pagsasaka
 - d. nagsasagawa ng pagkakaingin



4. Alin ang nagpapakita ng pangangalaga sa yamang tubig?
 - a. paggamit ng pinong lambat
 - b. pagsasagawa ng reforestation
 - c. pangingsda kung panahon ng panginitlog
 - d. pagtatapon ng dumi at kemikal sa tubig

 5. Mahalaga ang mga pinagkukunang-yaman sa kaunlaran ng bansa. Ano ang dapat mong gawin?
 - a. hayaang linangin ng mga dayuhan
 - b. aksayahin ang paggamit nito dahil marami ito
 - c. pabayaang mga ito
 - d. tumulong sa pangangalaga rito
- B. Isulat ang Tama kung matalinong paraan ang pangangalaga sa likas na yaman at Mali kung di-tama.
1. Tinataniman ang mga gilid ng burol o bundok upang mapigil ang daloy ng tubig at pag-agos ng lupa.
 2. Pinuputol ang mga punong tirahan ng mga isda upang gawing pangatong.
 3. Paggamit ng mga dumi ng hayop at bagay na galing sa kompost na nakapagpapayaman ng lupa.
 4. Gumamit ng pinong lambat sa pangingsda upang malunasan ang kakulangan sa pagkain.
 5. Pagsasagawa ng mabuting pananaliksik sa enerhiya upang mabawasan kung di man tuluyang maiwasan ang pag-aangkat ng langis sa ibang bansa.



PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ng poster na nagpapakita ng wastong paggamit at pangangalaga ng likas na yaman. Sumulat ng mga tatlong pangungusap tungkol sa iyong ginawa.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.